Sacramental Preps Worksheet #12

Maigsing Pagsusuri ng Budhi Batay sa Sampung Utos ng Diyos

Ang talaan na ito ay iyong gabay sa pagtanggap ng Sakramento ng Pakikipagkasundo. Lagyan ng tsek ang bawat bahagi kapag tapos nang magkaron ng repleksyon.

I **"Ako ang PANGINOON na inyong Diyos: Huwag kayong sasamba sa ibang mga diyos maliban sa akin."**

- Itinuring ko bang mas mahalaga pa ang tao, pangyayari, pera, at mga bagay kaysa sa Diyos?

II **Huwag ninyong gagamitin ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan.**

- Ang mga salita ko ba ay hindi gumalang sa Diyos, sa Simbahan, at sa ibang tao?

III **Alalahaning gawing banal ang Araw ng PANGINOON.**

- Dumadalo ba ako ng misa tuwing Linggo at ibang banal na obligasyon (gaya ng Kuwaresma; Jan. 1; Pag-akyat; Aug. 15; Nob. 1; Dis. 8; Dis. 25)?
- Aktibo ba akong nagtatrabaho tuwing Linggo habang alam kong humahadlang ito sa pagsisimba sa Diyos, malayang oras sa araw ng Panginoon, at wastong pahinga ng isip at katawan?
- Humahanap ba ako ng paraan na makasama ang pamilya tuwing Linggo?

IV **Igalang ninyo ang inyong ama at ina.**

- Naipakikita ko ba ang paggalang sa aking mga magulang?
- Hangga't maaari ba ay sinisikap at pinananatili ko ang mabuting komunikasyon sa aking mga magulang?
- Naipapahayag ko ba sa kanila nang may respeto ang aking opinyon?

V **Huwag kayong papatay.**

- Sinaktan ko ba ang ibang tao sa pisikal, berbal, emosyunal, at iba pang paraan?
- Naisip ko bang saktan ang aking kapwa sa palihim na paraan?

VI **Huwag kayong mangangalunya.**

- Iginalang ko ba ang pisikal at seksuwal na dignidad ng iba at ng aking sarili?

VII **Huwag kayong magnanakaw.**

- Kinuha at sinayang ko ba ang oras at pag-aari ng aking kapwa?
- Hindi ko ba isinauli ang aking ninakaw sa nagmamay-ari nito?

VIII **Huwag kayong sasaksi ng hindi totoo sa inyong kapwa.**

- Nagsabi ba ako ng tsismis, kasinungalingan, at gumawa ng kuwento tungkol sa iba?

IX **Huwag ninyong pagnanasahan ang asawa ng inyong kapwa.**

- Pinarangalan ko ba ang aking asawa nang may buo at natatanging pagmamahal?

X **Huwag ninyong pagnanasahan ang pag-aari ng inyong kapwa.**

- Kuntento na ba ako sa mayroon ako, o ikinukumpara ko pa rin ang aking sarili sa iba?

PANGALAN ____________________